

Oktubre 22, 2025

Mahalagang paunawa mula sa Departamento ng mga Serbisyon
Pangkaunlaran (Department of Developmental Services) tungkol sa:

NA-UPDATE NA MGA INSTRUKSYON SA PAGBILI PARA SA MGA SERBISYO NG BROKER

D-2025-Reporma sa Rate-011

Ano ang Dapat Malaman

Ang direktiba na ito ay nagbibigay ng impormasyon na nauugnay sa na-update na pagsingil para sa mga serbisyo ng broker ng transportasyon (Kodigo ng serbisyo 883). Tinukoy ng direktiba ang mga rate na dapat ibalik para sa mga serbisyonang ito, mula Enero 1, 2025 hanggang sa hinaharap.

Ano ang Magbabago

Walang mga pagbabago o kinakailangan na partikular sa mga indibidwal na tumatanggap ng mga serbisyo sa direktiba na ito.

Ang direktiba na ito ay nagbibigay-daan sa mga tagapagbigay ng broker ng transportasyon at mga sentrong pangrehiyon na malaman kung kailan nagbabago ang mga rate para sa pagbabayad ng nagastos (reimbursement):

- Ang mga tagapagbigay ay babayaran ng kanilang orihinal na Enero 1, 2025, rate (Yugto 3 na rate) mula Enero 1, 2025, hanggang Oktubre 31, 2025.
- Babayaran ang mga tagapagbigay ayon sa pinakabagong nai-post na modelo ng rate simula sa Nobyembre 1, 2025.

Mga tanong?

Ang mga tagapagbigay ng serbisyo ng broker ng transportasyon na may mga tanong tungkol sa direktiba na ito ay dapat makipag-ugnayan sa kanilang sentrong pangrehiyon na nagbebenta.

Matuto Pa

Kung gusto mong matuto nang higit pa tungkol sa reporma sa rate, mangyaring bisitahin ang webpage ng Reporma sa Rate ng Kagawaran [dito](#).

Maaari kang mag-sign up upang makatanggap ng mga regular na update tungkol sa reporma sa rate [dito](#).